MARINA COAST
WATER DISTRICT



# 2025 CCR

## CONSUMER CONFIDENCE REPORT
## ULAT NG KUMPIYANSA NG KONSUMIDOR

**SPANISH TRANSLATION**
Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Visite nuestro sitio web para obtener una versión traducida de este informe, o comuníquese con nosotros al (831) 384-6131 para obtener más ayuda.

**KOREAN TRANSLATION**
이 보고서에는 식수에 대한 매우 중요한 정보가 포함되어 있습니다. 이 보고서의 번역된 버전은 당사 웹사이트를 방문하거나 (831) 384-6131 로 연락하여 추가 지원을 받으십시오.

**VIETNAMESE TRANSLATION**
Báo cáo này chứa thông tin rất quan trọng về nước uống của bạn. Vui lòng truy cập trang web của chúng tôi cho một phiên bản dịch của báo cáo này, hoặc liên hệ với chúng tôi tại (831) 384-6131 để hỗ trợ thêm.

# Ulat sa Kalidad ng Tubig

## LIGTAS AT MAAASAHANG TUBIG NA TUMUTUGON SA MAHIHIGPIT NA PAMANTAYAN

*Ipinagmamalaking iprisinta ng Marina Coast Water District ang Ulat ng Kumpiyansa ng Konsumidor sa 2025. Ang taunang ulat na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung saan nagmumula ang iyong tubig, kung ano ang nilalaman nito, at kung paano ito maihahambing sa mga pamantayan ng estado at pederal na pamahalaan sa iniinom na tubig. Ikinalulugod naming tiyakin sa iyo na ang iyong iniinom na tubig ay natutugunan ang lahat ng mahihigpit na pamantayan ng California at pederal na pamahalaan sa kalusugan.*

Ipinagmamalaki naming maghatid ng tubig na mapagkakatiwalaan mo at magbigay ng ulat na ito upang manatili kang may kaalaman at may kumpiyansa sa kalidad ng iyong tubig.



**Ang pagbibigay ng ligtas, maaasahan, at mataas na kalidad na tubig ay ang aming nangungunang priyoridad,** at ang aming mga sertipikadong propesyonal sa tubig ay walang tigil na nagsusumikap upang subaybayan at protektahan ang iyong suplay.



**Maingat na sinuri ang iyong tubig mula sa pinagmumulan sa ilalim ng lupa patungo sa iyong gripo.** Noong nakaraang taon, mahigit 700 pagsusuri ang isinagawa sa mahigit 120 substansya upang matiyak na ito ay nananatiling ligtas at ganap na sumusunod sa pamantayan.



**Ang mga laboratoryong independiyente at sinertipikahan ng estado ang nagsasagawa ng pagsusuring ito,** at ang lahat ng resulta ay inuulat sa at nirerepaso ng Estado.



**Ang mga makabagong sistema ng pagsubaybay, pang-backup na suplay ng kuryente,** at mga naka-imbak na reserba ng tubig ay nakakatulong sa pagtiyak ng maaasahang serbisyo sa lahat ng oras.



**Maliit at maingat na kontroladong dami ng disinfectant ay pinananatili upang protektahan ang iyong tubig habang dumadaloy ito sa sistema.**

## MAY MGA KATANUNGAN?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa ulat na ito o tungkol sa iyong tubig, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa (831) 384-6131. Maaari mo ring bisitahin ang aming website sa *www.mcwd.org.*

# SUPLAY AT PAGLILINIS NG TUBIG

Ang Distrito ay nagbibigay ng maiinom na tubig mula sa ilalim ng lupa na mula sa pitong balon na inihahatid sa pamamagitan ng network ng sistema ng distribusyon ng walong tangkeng imbakan at halos 225 milya ng pangunahing linya ng tubo ng tubig.

Ang dalawang malalalim na balon ng suplay (10 at 11) na matatagpuan sa Central Marina ay kumukuha ng tubig mula sa ilalim ng lupa mula sa 900 talampakang aquifer sa loob ng Salinas Valley Groundwater Basin, kung saan pagkatapos ang tubig ay nililinis sa pasilidad para ma-disinfect. Ang natitirang limang balon ng suplay (29, 30, 31, 34, at Watkins Gate) na matatagpuan sa loob ng Komunidad ng Ord ay kumukuha ng tubig mula sa ilalim ng lupa mula sa 900 talampakan, 400 talampakan, at mas mababang 180 talampakan na mga aquifer ng Salinas Valley Groundwater Basin. Ang tubig mula sa ilalim ng lupa mula sa mga balon ng suplay na ito ay dini-disinfect sa pasilidad ng paggamot na klorinasyon sa Komunidad ng Ord.

## KASALUKUYANG PINAGLILINGKURAN NG MCWD ANG Mahigit 38,000 naninirahan sa:

- Mga Lungsod ng: Lungsod ng Marina, at Seaside
- California State University Monterey Bay at UCSC MBEST Center, at hindi naka-ingkorporadang Lugar ng East Garrison ng County ng Monterey
- US Army, Department of Defense at Department of Interior

# PAGSUSURI SA PINAGMUMULANG TUBIG



Ilang pagsusuri sa pinagmumulang tubig ang nakumpleto. Isinasaalang-alang sa mga pagsusuri sa pinagmumulang tubig ang ilang salik, kabilang ang: pagkakaroon ng posibleng aktibidad ng kontaminasyon (PCA) tulad ng mga kasalukuyan o makasaysayang aktibidad ng tao na mga posibleng pinagmumulan ng kontaminasyon para sa pinagmumulan ng iniinom na tubig,

ang lapit nito sa pinagmumulan, ang panganib na nauugnay sa PCA, at ang konstruksyon at lugar ng pinagmumulan. Pagkatapos ay iniraranggo ang mga salik na ito, at ang pinagmumulan na itinuturing na pinakabulnerable sa mga PCA ay nakalista sa unahan ng ranggo.

- Noong Hulyo 2001, nakumpleto ng California Department of Public Health (CDPH) ang pagsusuri sa bawat balon ng suplay ng tubig mula sa ilalim ng lupa sa Central Marina kung saan natuklasan na ang mga balon ay pinakabulnerable sa mga matagal nang tapunan ng basura, aktibidad na landfill, at base militar.
- Noong Pebrero 2002, nakumpleto ang pagtatasa sa bawat balon ng suplay ng tubig mula sa ilalim ng lupa sa Komunidad ng Ord. Natukoy sa pagsusuri kung aling mga balon ang pinakabulnerable sa mga kilalang ulap ng pabagu-bagong organikong kontaminant mula sa isinara nang tambakan ng basura sa dating Fort Ord; kabilang sa mga ulap na ito ang pagpasok ng tubig-dagat, sistema ng koleksyon ng imburnal, mga tangkeng imbakan na nasa ibabaw ng lupa, mga pananim na dinidiligan, mga daanan ng transportasyon, mga lugar ng pagkukumpuni ng makinaryang pambukid, at mga sistemang septic.
- Noong Nobyembre 2012, napag-alaman sa nakumpletong pagsusuri sa pinagmumulan ng tubig para sa Watkins Gate Well na pinakabulnerable ang balon sa mga Base Militar.
- Noong Pebrero 2014, napag-alaman sa nakumpletong pagsusuri sa Well 34 na ang balon ay pinakabulnerable sa mga Base Militar (dating Fort Ord), daluyang pang-agrikultura, pagpasok ng tubig-dagat, at sistema ng koleksyon ng imburnal.

Maaaring makita ang mga buong detalye ng mga pagsusuri sa mga sumusunod na lokasyon: MCWD, 2840 4th Avenue, Marina, CA, o sa SWRCB DDW, 1 Lower Ragsdale Drive, Building 1, Suite 120, Monterey, CA.



## Ang Pag-iwas sa Pabalik na Pagdaloy ay Pumuprotekta sa Ating Iniinom na Tubig

Binabawasan ng Cross-Connection Control Program ng MCWD ang panganib ng pagpasok ng mga kontaminant sa mga suplay ng tubig sa pamamagitan ng pag-aatas ng paglalagay at pagpapanatili ng mga imprastruktura sa pag-iwas sa pabalik na pagdaloy kung saan kailangan.

Bisitahin ang aming website upang malaman pa ang tungkol sa programa ng MCWD sa pag-iwas sa pagbalik ng daloy ng tubig.

# IMPORMASYONG PANG-EDUKASYON AT ESPESYAL NA IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Ang iniinom na tubig, kabilang ang nakabotelyang tubig, ay maaaring makatwirang maasahang maglaman ng pinakakaunting dami ng ilang kontaminant. Ang pagkakaroon ng mga kontaminant ay hindi nangangahulugang panganib sa kalusugan ang tubig. Makukuha ang higit pang impormasyon tungkol sa mga kontaminant at mga posibleng epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline sa Ligtas na Iniinom na Tubig ng U.S. EPA (1-800-426-4791).



# MGA PINAGMUMULAN AT POSIBLENG KONTAMINANT

Ang mga pinagmumulan ng iniinom na tubig (parehong sa gripo at nakabotelyang tubig) ay kinabibilangan ng mga ilog, lawa, batis, munting lawa, reservoir, bukal, at balon. Sa pagdaloy ng tubig sa ibabaw ng lupa o sa pamamagitan ng lupa, tinutunaw nito ang mga natural na mineral at, sa ilang kaso, ang radyoaktibong mineral, at maaaring makakuha ng mga substansya na nagreresulta sa presensya ng aktibidad ng hayop o tao. Kabilang sa mga kontaminant na maaaring nasa pinagmumulang tubig ang:

- Mga mikrobyong kontaminant, tulad ng mga virus at bakterya, na maaaring manggaling sa mga planta sa paggamot ng imburnal, sistemang septic, pagpapatakbo sa mga alagang hayop na pang-agrikultura, at buhay-ilang.
- Ang mga hindi organikong kontaminant, tulad ng asin at metal, na maaaring likas na makuha o magresulta mula sa pagdaloy ng tubig-ulan sa kalunsuran, inilalabas na maruming tubig mula sa industriya o tahanan, produksyon ng langis at gas, pagmimina, o pagbubukid.
- Ang mga pestisidyo at herbisidyo, ay maaaring may iba't ibang pinagmumulan tulad ng agrikultura, dumadaloy na tubig-ulan sa kalunsuran, at mga ginagamit sa kabayahan.
- Ang mga organikong kemikal na kontaminant, kabilang ang mga sintetiko at pabago-bagong organikong kemikal, na produkto ng mga prosesong industriyal at produksyong petrolyo, at maaari ring magmula sa mga gasolinahan, dumadaloy na tubig-ulan sa kalunsuran, mga ginagamit sa agrikultura, at sistemang septic.
- Ang mga kontaminant na radyaktibo ay maaaring likas na matatagpuan o resulta ng mga gawain sa produksyon ng langis at gas, pati na rin ng mga aktibidad sa pagmimina.



Upang matiuak na ligtas inumin ang tubig sa gripo, nagtakda ang U.S. Environmental Protection Agency (U.S. EPA) at ang State Water Resources Control Board (State Water Board) mga mga regulasyong naglilimita sa dami ng mga partikular na kontaminant sa tubig na sinusuplay ng mga pampublikong sistema ng tubig. Nagtatakda rin ang mga regulasyon ng U.S. Food and Drug Administration at ng batas ng California ng mga limitasyon para sa mga kontaminant sa nakabotelyang tubig na nagbibigay ng parehong proteksyon sa pampublikong kalusugan.

Isang paalala sa mga nakompromiso ang immune system: Maaaring mas bulnerable ang ibang tao sa mga kontaminant sa pag-inom ng tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang mga taong nakompromiso ang immune system tulad ng mga  taong may cancer na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong dumaan sa organ transplant, mga taong may HIV/AIDS o iba pang mga sakit sa immune system, ilang matatanda, at sanggol ay maaaring maging partikular na nanganganib na magkaroon ng impeksyon. Dapat humingi ng payo ang mga taong ito tungkol sa iniinom na tubig mula sa kanilang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga patnubay ng U.S. EPA/Centers for Disease Control (CDC) tungkol sa mga naaangkop na paraan upang mabawasan ang panganib ng impeksyon na dulot ng Cryptosporidium at iba pang mga mikrobyong kontaminant ay makukuha mula sa Hotline sa Ligtas na Iniinom na Tubig (1-800-426-4791).

# KALIDAD NG TUBIG

***Masusing sinusubaybayan ng Distrito ang kalidad ng tubig at ipinagmamalaking iulat na ang iyong tubig sa gripo ay natutugunan ang mga pamantayan ng California at Pederal na Pamahalaan sa iniinom na tubig.***

## Pederal na Patakaran ng Pagsubaybay 5 sa mga Hindi Reguladong Kontaminant (UCMR-5)

Noong 2023, nakilahok ang Distrito sa ikalimang yugto ng Patakaran ng Pagsubaybay sa Hindi Reguladong Kontaminant. Ang mga hindi reguladong kontaminant ay mga kontaminant na kung saan hindi pa naitatakda ng EPA ang mga pamantayan sa iniinom na tubig. Ang pagsubaybay ay tumutulong sa EPA na malaman ang pagkakaroon ng mga sangkap na ito at kung kailangan ang regulasyon o hindi. Sinusubaybayan ang aming sistema para sa 30 kemikal gaya ng tinukoy ng U.S. Environmental Protection Agency (USEPA). Direktang iniulat ang mga resulta sa USEPA. Binuod ang mga natuklasan sa talahanayan ng UCMR5, kasama ang mga karaniwang pinagmumulan ng kontaminant. Ang Ulat na UCMR5 ng Marina Coast Water District ay mababasa nang buo sa website nito.

Bisitahin ang website ng EPA para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa UCMR5.

## Trichloroethylene (TCE)

Naging karaniwang solvent ang TCE na ginamit ng U.S. Army sa dating Fort Ord. Noong 2025, natuklasan ang TCE sa mga balon 29 at 31 sa mabababang antas, na may karaniwang antas mula sa mga pinagmumulang balon sa 0.4 bahagi kada bilyon (ppb). Ang Layunin sa Pampublikong Kalusugan (PHG), na pinagpapasyahan nang ayon sa antas na hindi magdudulot ng malulubang epekto sa kalusugan sa mga taong umiinom ng tubig araw-araw nang 70 taon, ay 1.7 ppb para sa TCE. Ang Pinakamataas na Antas ng Kontaminant (MCL), na siyang pinakamataas na antas ng kontaminant na maaaring nasa iniinom na tubig, ay 5 ppb para sa TCE. Patuloy na regular na sinusubaybayan ng Distrito ang TCE sa suplay ng tubig nito.

Ang U.S. Army ay aktibong nililinis ang mga ulap sa mababaw na tubig sa ilalim ng lupa ng TCE sa loob ng mga daming lupain nito sa Fort Ord. Nagpapatakbo rin sila ng network ng mga balon para sa pagsubaybay sa mababaw na tubig sa ilalim ng lupa upang masubaybayan ang pag-unlad ng mga pagsusumikap sa paglilinis ng TCE. Ang mga balon para sa pagsubaybay sa tubig mula sa ilalim ng lupa ng U.S. Army ay hindi nagsusuplay ng iniinom na tubig sa mga customer ng Distrito. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa nagpapatuloy na pagsusumikap sa paglilinis, bumisita sa Website ng Paglilinis ng Fort Ord.

## Nitrate

Ang nitrate sa iniinom na tubig sa mga antas na 10 mg/L ay isang panganib sa kalusugan para sa mga sanggol na wala pang anim na buwan ang edad. Ang mga naturang antas ng nitrate sa iniinom na tubig ay maaaring humadlang sa kapasidad ng dugo ng bata na magdala ng oxygen, na nagreresulta sa malubhang sakit; kabilang sa mga sintomas ang pangangapos ng hininga at pangingitim ng balat. Ang mga antas ng nitrate na mataas sa 10 mg/L ay maaari ring makaapekto sa kakayahan ng dugo na magdala ng oxygen sa ibang mga indibidwal, tulad ng mga babaeng nagbubuntis, at mga may mga partikular na kakulangan sa enzyme. Kung ikaw ay nag-aalaga ng sanggol, o kung ikaw ay nagbubuntis, dapat kang humingi ng payo mula sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

## Arsenic

Kapag natutugunan ng iyong iniinom na tubig ang pamantayan ng pederal na pamahalaan at estado para sa arsenic, naglalaman ito ng mababang antas ng arsenic. Binabalanse ng pamantayan sa arsenic ang kasalukuyang pag-unawa sa mga posibleng epekto sa kalusugan laban sa mga gastos sa pag-alis ng arsenic sa iniinom na tubig. Ang U.S. Environmental Protection Agency ay patuloy na sinasaliksik ang mga epekto sa kalusugan ng mababababang antas ng arsenic, na isang mineral na kilala sa pagdudulot ng cancer sa mga tao sa matataas na konsentrasyon at nauugnay sa iba pang mga epekto sa kalusugan tulad pagkasira sa balat at mga problema sa sistemang sirkulatoryo.

## Lead

Ang lead ay maaaring magdulot ng malulubhang problema sa kalusugan, partikular na para sa mga kababaihang nagbubuntis at maliliit na bata. Ang lead sa iniinom na tubig ay pangunahing nagmumula sa mga materyales at bahaging nauugnay sa mga linya ng serbisyo at sistema ng tubo sa tahanan. Responsable ang Distrito sa pagkakaloob ng mataas na kalidad ng iniinom na tubig at pag-alis ng mga tubong may lead, ngunit hindi makontrol ang iba't ibang materyales na ginamit sa pagtutubero sa iyong tahanan. Kahati ka sa responsibidad ng pagprotekta sa iyong sarili at sa iyong pamilya mula sa lead sa mga sistema ng tubo sa iyong tahanan. Maaari mong akuin ang responsibilidad sa pamamagitan ng pagtukoy at pag-alis ng mga materyal na lead sa loob ng iyong sistema ng tubo sa tahanan at paggawa ng mga hakbang upang mabawasan ang panganib sa iyong pamilya. Bago inumin ang tubig sa gripo, i-flush muna iyong mga tubo nang ilang minuto sa pamamagitan ng pagpapaagos ng tubig sa gripo, pagligo, paglalaba o paghuhugas ng pinggan. Maaari ka ring gumamit ng filter na sinertipikahan ng may akreditasyong tagasertipika sa American National Standards Institute upang mabawasan ang lead sa iniinom na tubig. Kung inaalala mo ang tungkol sa lead sa iyong tubig at gustong masuri ang iyong tubig, mangyaring makipag-ugnayan sa Distrito sa (831) 384-6131. Ang Impormasyon tungkol sa lead sa iniinom na tubig, mga paraan ng pagsusuri, at mga hakbang na maaari mong gawin upang mabawasan ang pagkalantad ay makukuha mula sa EPA.

Noong 2024, nagsagawa ang Distrito ng masinsinang imbentaryo ng serbisyo sa lead at nalaman na ang sistema ng distribusyon nito ay walang lead o naka-galvanize, na nangangailangan ng mga pamalit na linya ng serbisyo. Kabilang dito ang mga linya ng serbisyo na pag-aari ng publiko at customer. Bumisita sa website ng MCWD para sa higit pang impormasyon sa imbentaryo ng linya ng serbisyo.

*Ang mga sumusunod na talahanayan ay naglilista ng mga resulta ng mga natuklasang kontaminant sa sistema ng distribusyon ng Distrito at mga balon ng suplay ng tubig mula sa ilalim ng lupa. Habang nakumpleto ang karamihan sa pagsusubaybay hanggang Disyembre 2025, ang mga regulasyon ay nagpap-ahintulot sa Distrito na subaybayan ang mga partikular na kemikal na mababa sa isang beses kada taon dahil hindi madalas na nagbabago ang mga antas. Mangyaring sumangguni sa seksyon ng mga Depinisyon sa ibaba para sa mga paliwanag sa mga akronimang ginamit sa ulat na ito.*

# KALIDAD NG TUBIG SA SISTEMA NG DISTRIBUSYON

**Mga Pangunahing Pamantayan sa Iniinom na Tubig - Mikrobiyolohiya**

| Natukoy na Kontaminant | Mga Yunit | MCL | (MCLG) | Taon na Sinuri | Mga Kabuuang Sampol na Kinolekta at Buwan na Positibo | Paglabag | Mga Pangunahing Pinagmumulan ng Iniinom na Tubig. |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kabuuang Coliform na Bakterya | Mga Positibong Sampol | TT | (0) | 2025 | 520 Sampol<br>0 Positibong Sampol | **Wala** | Likas na nasa kapaligiran. |

**Mga Pangunahing Pamantayan sa Iniinom na Tubig - Produkto ng Pag-disinfect at mga Tira ng Disinfectant**

| Mga Natukoy na Kontaminant | Mga Yunit | MCL [MRDL] | PHG (MCLG) [MRDLG] | Taon na Sinuri | Taunang Average | Saklaw Mababa – Mataas | Paglabag | Mga Pangunahing Pinagmumulan ng Iniinom na Tubig. |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kabuuang Trihalomethanes (TTHM) | ug/L | 80 | N/A | 2025 | 9.23 (a) | 3.1 – 9.9 | **Wala** | Produkto ng pagdisinfect ng iniinom na tubig. |
| Natirang Chlorine [bilang Cl2] | mg/L | [4.0] | [4] | 2025 | 0.94 | 0.59 – 1.50 | **Wala** | Disinfectant sa iniinom na tubig na idinagdag para sa paggamot. |

**Mga Pangunahing Pamantayan sa Iniinom na Tubig - Mga Sampol ng Lead at Copper sa Tubig sa Gripo**

| Natukoy na Kontaminant | Mga Yunit | Antas ng Aksyon Level | PHG | Taon na Sinuri | Ika-90 na Percentile (b) | Saklaw Mababa – Mataas | Paglabag | Bilang ng mga Paaralan na Humihiling ng Sampol ng Lead. |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Copper | mg/L | 1.3 | 0.3 | 2025 | 0.22 | Kinunan ng sampol ang 30 lugar; 0 na mahigit sa AL | **Wala** | 0 |
| Lead | ug/L | 15 | 0.2 | 2025 | ND | Kinunan ng sampol ang 30 lugar; 0 na mahigit sa AL | **Wala** | 0 |

**Talababa:** (a) Kinalkula ang average sa pamamagitan ng pinamataas na tumatakbong taunang average. (b) Para sa pagsunod, ang resulta ng sampol na nasa ika-90 porsyento ay kailangang maging mababa sa Antas ng Aksyon.

# PAGSUBAYBAY SA HINDI REGULADONG KONTAMINANT – UCMR5

**Mga Balon Pagkatapos ng Paggamot**

| Mga Natukoy na Kontaminant | Mga Yunit | Taon na Sinuri | Taunang Average | Saklaw Mababa – Mataas | Paglabag | Mga Pangunahing Pinagmumulan ng Iniinom na Tubig |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Lithium | ug/L | 2023 | 28.9 | 21.8 – 40.9 | N/A | Isang metal na mula sa kalikasan na maaaring maipon sa maalat na tubig; ang mga asin ng lithium ay ginagamit bilang gamot, ginagamit sa mga selulang elektrokemikal, mga baterya, at sa sintesis na organiko. |

**Talababa:** Walang ibang sampol ang kinuha sa pag-aaral ng UCMR5 na lumampas sa mga antas ng pagtuklas.

# KALIDAD NG TUBIG SA MGA BALON NG SUPLAY NG TUBIG SA ILALIM NG LUPA

| Mga Natukoy na Kontaminant | Mga Yunit | MCL | PHG (MCLG) | Taon na Sinuri | Taunang Average | Saklaw Maba-ba – Mataas | Pagla-bag | Mga Pangunahing Pinagmumulan ng Iniinom na Tubig. |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Pangunahing Pamantayan sa Iniinom na Tubig** | | | | | | | | |
| Arsenic | ug/L | 10 | 0.004 | 2025 | 3.8 | ND – 8.7 | **Wala** | Pagguho ng mga natural na deposito; pag-agos mula sa mga taniman ng prutas; mga basurang nagmumula sa paggawa ng salamin at mga elektronikong kagamitan. |
| Fluoride (Natural) | mg/L | 2.0 | 1 | 2025 | 0.2 | 0.13 – 0.64 | **Wala** | Pagguho ng mga natural na deposito; idinadagdag sa tubig upang lumakas ang ngipin; inilalabas mula sa mga pabrika ng pataba at aluminyo. |
| Kabuuang Aktibidad ng Partikulong Alpha | pCi/L | 15 | (Zero) | 2025 | 2.8 | ND – 7.43 | **Wala** | Pagguho ng mga natural na deposito. |
| Kabuuang Aktibidad ng Partikulong Beta | pCi/L | 50 | (Zero) | 2025 | 7.5 | ND – 11.2 | **Wala** | Pagkabulok ng mga depositong natural at gawa ng tao. |
| Hexavalent Chromium | ug/L | 10 | 0.2 | 2025 | 3 | ND – 5.5 | **Wala** | Produkto ng prosesong industriyal; pagguho ng mga natural na deposito. |
| Nitrate (bilang N) | mg/L | 10 | 10 | 2025 | 1.9 | ND – 5.1 | **Wala** | Pag-agos at pagtagas mula sa paggamit ng pataba; pagtagas mula sa mga tangkeng septic at dumi sa alkantarilya; pagguho ng mga natural na deposito. |
| Trichloroethylene [TCE] | ug/L | 5 | 1.7 | 2025 | 0.4 | ND – 1.5 | **Wala** | Paglalabas mula sa mga lugar ng pagtanggal ng grasa sa metal at iba pang mga pabrika. |
| Uranium | pCi/L | 20 | 0.43 | 2025 | 1.6 | ND – 5.7 | **Wala** | Pagguho ng mga natural na deposito. |
| **Mga Pangalawang Pamantayan sa Iniinom na Tubig** | | | | | | | | |
| Chloride | mg/L | 500 | N/A | 2025 | 104 | 59 – 180 | **Wala** | Daloy/pagtagas mula sa mga likas na deposito; impluwensya ng tubig-dagat. |
| Mga yunit ng pH | Units | 6.5 – 8.5 | N/A | 2025 | 7.9 | 7.8 – 8.1 | **Wala** | Mga likas na mineral. |
| Tiyak na Kondaktibidad | µS/cm | 1600 | N/A | 2025 | 719.3 | 500 – 1100 | **Wala** | Mga substansyang bumubuo ng mga ion kapag nasa tubig; impluwensya ng tubig-dagat. |
| Sulfate | mg/L | 500 | N/A | 2025 | 50.7 | 33 – 60 | **Wala** | Daloy/pagtagas mula sa mga likas na deposito; mga basurang industriyal. |
| Kabuuang Natunaw na Solido | mg/L | 1000 | N/A | 2025 | 455.7 | 340 – 720 | **Wala** | Daloy/pagtagas mula sa mga likas na deposito. |
| **Iba pang mga Nasasakupan - Walang Pamantayan sa mga Iniinom na Tubig** | | | | | | | | |
| Alkalinidad | mg/L | N/A | N/A | 2025 | 123.3 | 93 – 170 | N/A | Mga likas na mineral. |
| Bicarbonate na Alkalinidad | mg/L | N/A | N/A | 2025 | 123.3 | 93 – 170 | N/A | Mga likas na mineral. |
| Calcium | mg/L | N/A | N/A | 2025 | 46.7 | 23 – 91 | N/A | Mga likas na mineral. |
| Magnesium | mg/L | N/A | N/A | 2025 | 15.1 | 6.2 – 26 | N/A | Mga likas na mineral. |
| Potassium | mg/L | N/A | N/A | 2025 | 2.9 | 2.1 – 3.6 | N/A | Mga likas na mineral. |
| Sodium | mg/L | N/A | N/A | 2025 | 69.4 | 42 – 110 | N/A | Mga likas na mineral. |
| Katigasan (a) | mg/L | N/A | N/A | 2025 | 180.3 | 84 – 330 | N/A | Mga likas na mineral. |
| **Hindi Nakontrol na mga Kemikal - Walang Pamantayan sa mga Iniinom na Tubig** | | | | | | | | |
| Boron | ug/L | N/A | N/A | 2024 | 21.4 | ND – 150 | N/A | Pagguho ng mga natural na deposito. |
| Bromide | ug/L | N/A | N/A | 2024 | 400 | 220 – 640 | N/A | Mga likas na mineral. |
| Vanadium | ug/L | N/A | N/A | 2024 | 6.6 | ND – 16 | N/A | Pagguho ng mga natural na deposito. |

**Talababa:** (a) Kumbersyon ng yunit sa katigasan ng tubig: 17.1 GPG/mg/L.Kabuuang katigasan (taunang average) = 10.54 grain/galon (GPG); Kabuuang katigasan (saklaw) = 4.9 GPG - 19.3 GPG.

# MGA DEPINISYON

**Pinakamataas na Antas ng Kontaminant (MCL):** Ang pinakamataas na antas ng kontaminant na pinahihintulutan sa iniinom na tubig. Ang mga pangunahing MCL ay nakatakda na malapit sa mga PHG (o mga MCLG) kung praktikal sa aspetong pang-ekonomiya at panteknolohiya. Ang mga pangalawang MCLG ay nakatakda upang protektahan ang amoy, lasa, at anyo ng iniinom na tubig.

**Layunin ng Pinakamataas na Antas ng Kontaminant (MCLG):** Ang antas ng kontaminant sa iniinom na tubig kung saan ang mababa rito ay walang alam o inaasahang panganib sa kalusugan. Ang mga MCLG ay itinatakda ng U.S. Environmental Protection Agency.

**Layunin sa Pampublikong Kalusugan (PHG):** Ang antas ng kontaminant sa iniinom na tubig kung saan ang mababa rito ay walang alam o inaasahang panganib sa kalusugan. Ang mga PHG ay itinatakda ng California Environmental Protection Agency.

**Mga Pangunahing Pamantayan sa Iniinom na Tubig (PDWS):** Ang mga MCL, MRDL at teknik sa paggamot (mga T.T.) para sa mga kontaminant na nakakaapekto sa kalusugan kasama ang kanilang mga kinakailangan sa pagsubaybay at pag-uulat, at mga kinakailangan sa paggamot ng tubig.

**Pinakamataas na Antas ng Matitirang Disinfectant (MRDL):** Ang pinakamataas na antas ng disinfectant na pinahihintulutan sa iniinom na tubig. Mayroong nakakakumbinseng abidensya na ang pagdagdag ng disinfectant ay kailangan para sa pagkontrol ng mga mikrobyong kontaminant.

**Layunin ng Pinakamataas na Antas ng Matitirang Disinfectant (MRDLG):** Ang antas ng disinfectant sa iniinom na tubig kung saan ang mababa rito ay walang alam o inaasahang panganib sa kalusugan. Ang mga MRDLG ay hindi sumasalamin sa mga kapakinabangan ng paggamit ng mga disinfectant upang makontrol ang mga mikrobyong kontaminant.

**Antas ng Aksyon sa Regulasyon (A.L.):** Ang konsentrasyon ng kontaminant na, kung lalampas, ay mag-uudyok ng paggamot o iba pang mga kinakailangan na kailangang sundin ng nagsusuplay ng tubig.

**Teknik sa Paggamot (T.T.):** Ang kinakailangang proseso na nilalayon upang mabawasan ang antas ng kontaminant sa iniinom na tubig.

**UCMR:** Patakaran sa Pagsubaybay ng mga Hindi Reguladong Kemikal na tumutulong sa EPA at CDPH na matukoy kung saan matatagpuan ang ilang kontaminant at kung kinakailangang isailalim ang mga ito sa regulasyon.

**MRL:** Limit sa Pag-uulat ng Pamamaraan o mas mababang hangganan sa nasusukat na dami

**N/A:** Hindi Naaangkop

**ND:** Hindi Natukoy

**Antas ng Abiso:** Ang DDW ay nagtakda ng mga antas ng pag-abiso na nakabatay sa kalusugan para sa mga kemikal na iniinom na tubig na kulang sa pinakamataas na antas ng kontaminant

**NTU:** Mga Nephelometric Turbidity Unit

**pCi/L:** Mga picocurie kada litro mg/L: Mga milligram kada litro

**µg/L:** Mga microgram kada litro

**ng/L:** Mga nanogram kada litro

**TON:** Antas ng Amoy ng Sangkap

# PAGLALAGAY NG MALILIIT NA PANUKAT SA TAMANG PANANAW

| Mga Yunit | | Katumbas |
|---|---|---|
| mg/L – mga milligram kada litro | ppm – mga bahagi kada milyon | 1 segundo sa humigit-kumulang 11.5 araw |
| µg/L – mga microgram kada litro | ppb – mga bahagi kada bilyon | 1 segundo sa humigit-kumulang 32 taon |
| ng/L – mga nanogram kada litro | ppt – mga bahagi kada trilyon | 1 segundo sa humigit-kumulang 32.000 taon |
| pg/L – mga picogram kada litro | ppq – mga bahagi kada kwadrilyon | 1 segundo sa humigit-kumulang 32 milyong taon |

# ALAMIN PA O MAKIBAHAGI SA MGA PAGPUPULONG NG BOARD

Bukas sa publiko ang mga pagpupulong ng board at karaniwang isinasagawa sa ikatlong Lunes ng bawat buwan sa mga tanggapan ng MCWD sa 920 2nd Avenue, Suite B, Marina sa ganap na 6:00 p.m. Alamin pa sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa www.MCWD.org

**Tumawag sa:**
(831) 384-6131 o (831) 883-5900

**Email:**
waterquality@mcwd.org

**Sundan kami:**

## Iba pang mga Mapagkukunan ng Impormasyon Tungkol sa Tubig

State Water Resources Control Board Mga Programa ng Division of Drinking Water

USEPA Division of Ground Water and Drinking Water

Centers for Disease Control

Fort Ord Cleanup

MARINA COAST WATER DISTRICT